CONTRIBUTION

# Dalamhati

Clara Rita A. Padilla

August 2015
Tandang-tanda ko pa
Nag-ring ang aking telepono

Sa kabilang linya
Ang mareng pulis
Tungkol pala sa kaso

Isang rape victim
Tawagin natin s'yang Maria

21 ang edad
May dwarfism

Hanggang baywang
Ang taas

Pinagsamantalahan
Nabuntis

Peligrosong panganganak
Namatay pagkatapos manganak

Nang makausap ko
Ang ina ni Maria

Tinanong ko
Kung alam kaya ni Maria
Kung saan may safe abortion

Palagay nyo
Pupunta sya?

Sagot ng ina
Kung alam lang namin
Kung saan

Sana buhay pa ang
Anak ko ngayon

Magulo ang linya
Malayo si Nanay
Ngunit dama ko
Ang kanyang dalamhati